

V. Kita at Gastos sa Pagtatalaba

Unang Operasyon

A. Kita (Gross Income)	
500 rubber strips = 55 sacks @ 400	22,000
B. Gastos (Total Expense)	
22 piraso kawayan (Class A) @ 140	3,080
0.5 rolyo GI wire # 10 @ 500	500
1.5 rolyo PE rope # 20 @ 1500	2250
4 piraso plastic drum @ 600	2400
4 rolyo PE rope # 10 @ 380	1,520
4 piraso angkla, konkreto @ 100	400
2 arawang sahod sa paggawang balsa (2 days @ 250)	1,000
2 arawang sahod sa pag-aani ng talaba, (4 days @ 250)	2,000
Gastos sa transportasyon	800
Iba pang gastusin	500
Kabuuang gastusin	14,450
C. Netong Kita (Net Income) A-B	7,550
D. BCR (A/B)	1.522
E. ROI (C/B * 100)	0.522 or 52.25%

Pangalawang Operasyon

A. Kita (Gross Income)		22,000
B. Gastos (Total Expense)		
Arawang Pasahod		
4 araw, 2 arawang pasahod (Pag-aani)		2,000
1 araw, 2 arawang pasahod		500
Pagsasaayos at pagmementina		
4 kawayan (180/piraso)		500
Transportasyon		800
Iba pang gastusin		500
Kabuuang Gasutisin		4,360
C. Netong Kita (Net Income) A-B		17,640
D. BCR (A/B)		5.05
E. ROI (C/B * 100)		4.046 or 404.6%

Ibat-ibang Uri ng Kolektor



- (1) Kawayan, (2) Patpat ng kawayan, (3) rubber ring, (4) rubber strips, (5) gulong, (6) shell ng talaba, (7) bao ng niyog, at (8) plastic straps

Para sa karagdagang kaalaman, sumangguni sa:

Bureau of Fisheries and Aquatic Resources

NATIONAL INTEGRATED FISHERIES TECHNOLOGY DEVELOPMENT CENTER

Bonuan Binloc, Dagupan City

Tel. No.: (075) 653-5412; Telefax: (075) 653-0385

E-mail : bfarmitdc@yahoo.com; westlyrosario@ymail.com

Facebook & twitter account: aquatechdocwestly@yahoo.com

PAGTATALABA

sa Balsa

Racquel A. Ferrer



NATIONAL INTEGRATED FISHERIES TECHNOLOGY DEVELOPMENT CENTER

Bureau of Fisheries and Aquatic Resources

Department of Agriculture

Tel. No.: (075) 653-5412; Telefax No.: (075) 653-0385

PAGTATALABA

Racquel A. Ferrer
Head, BFAR-NIFTDC WAES Technology

sa Balsa

I. Pagsasabi ng Panahon kung Kailan Kakapit ang Semilya ng Talaba (*Spatfall forecasting*)

Ang kaalaman ng tamang panahon ng pagkapit ng semilya (*spatfall*) ng talaba ay mahalaga upang makasiguro at magtagumpay ng pangongolekta ng mga ito. Ang karaniwang tatlong panahon ng pagkolekta, sa Pangasinan ay sa mga buwan ng Mayo, Oktubre at Nobyembre.

Kapag ang mga kagamitang pangkolekta ng semilya ay maagang nailagay maaring kumapit din maging ang peste at kakompetensiya ng talaba tulad ng barnacles (talipit), kampsis, *sponges*, tahong, atbp. Samantala, kapag naman naantala ang paglalagay ay maaring wala o kakaunti ang semilyang makokolekta. Kung kaya't kailangang malaman kung kailan maraming semilyang kakapit at ganoon din ang mga buwan ng pagsipot ng mga kakompetensiya.

Ang sampung semilyang kapit bawat balat ng talaba ay nagbabadyang marami at magandang kapit. Ang mga kolektor na may kapit (*seeded collectors*) ay maaring hayaan sa lugar ng pinagkapitan (*seeding area*) o ilipat sa lugar ng palakihan. Ang pag-aalaga ng talaba ay tatagal mula apat hanggang limang buwan.

II. Ang mga Peste at iba pang Kalaban ng Talaba

Wala pang tiyak na kalutasan upang lubusang masugpo ang problema sa peste ng talaba. Sa ngayon, ang maaring gawin ay iwasan upang ang mga ito'y mabawasan, kung hindi man tuluyang maalis. Upang makaiwas, ang mga pagkolekta (*seeding*) ay hindi dapat ilagay sa panahon ng pagdami ng peste. Gayundin, ang talaba ay dapat anihin bago dumating ang panahong ito.

Mga Peste	Buwan ng Pagsulpot (sa Pangasinan)
<i>Barnacles</i> Tahong Kampsis <i>Oyster leech</i> (linta) <i>Sea squirt</i> <i>Sponges</i> <i>Tubeworms</i>	Mayo-Hunyo Hunyo-Setyembre Marso-Setyembre Marso-Mayo Mayo-Setyembre Abril-Setyembre Hunyo-Setyembre

Maaring maranasan ang mga pesteng ito sa ibang buwan o panahon subalit sa kakaunting bilang lamang

III. Pagpili ng Tamang Lugar para sa Patalabahan

Mga katangian ng tamang lugar para sa pangongolekta ng semilya at pagpapalaki ng talaba ay ang mga sumusunod:

1. Protektado sa malakas na hangin at alon.
2. May katutubong mga talaba na nabubuhay at dumarami rito.


3. May katamtamang daloy ng agos (10 - 25 cm/second) para sa mahusay na paghahalo at pagpapalit ng mga sustansiya at hangin (*oxygen*) sa tubig.
4. Malaganap na "*plankton*" o maliliit na hayop at halamang pagkain ng talaba.
5. Walang marahas at matagalang pagbaha na nakamamatay sa talaba.
6. Walang gaanong mga hayop at iba pang peste na kumakain sa talaba.
7. Tamang pagkaalat (15 - 28 ppt) at init ng tubig (_____°C).
8. Lugar na malinis sa basura at ibang dumi.

Ang pag-aalaga ng talaba ay hindi nangangailangan ng malaking kapital. Katamtaman lamang ang hirap sa pagpapalaki ng talaba dahil walang kailangang gawing pagpapakain.

IV. Paggawa ng Balsa (*Oyster rafts*) at Kolektor

Ang balsa ay ginagawa sa pangpang ng ilog. Sa pagbuo ng 9 x 6 metro na balsa, gawin ang mga sumusunod:

1. Maghanda ng 22 piraso ng malalaking kawayan (*Class A*).
2. Pumutol ng pitong pirasong kawayan sa habang siyam na metro. Pumutol din ng 15 pirasong kawayan sa habang anim metro.
3. Pagtali-taliin ang mga kawayan ayon sa sumusunod na ilustrasyon. Gumamit ng malaking alambre (#10).
4. Itali ang palutang o boya (plastic drum) na naayon sa ilustrasyon gamit ang *PE rope* #20. Dikitan ng *Vulcaseal* o *silicon* ang takip ng drum upang hindi mapasukan ng tubig.



Sa paggawa ng kolektor ng semilya ng talaba, ang mga sumusunod ay maaring gamitin:

- a. Tinuhog-tuhog na tuyong *shell* ng talaba na may 10 sentimetrong agwat at may habang dalawang metrong pangtuhog gaya ng #10 alambre o PE rope #10..
- b. Tinuhog-tuhog na bao ng niyog na may 10 sentimetrong agwat at may habang dalawang metro ring pangtuhog.
- c. Matigas na *plastic strips* o *rubber strips*. Maaari itong gamitin ng maraming beses.

Ang isang 9x6 metrong balsa ay makapaglululan ng 500 pares na *rubber strips* o 1,000 pirasong kolektor (bao at shell ng talaba).

V. Paglalagay ng balsa sa ilog

Ang balsa ay inilalagay sa ilog-patalabahan. Ikabit ang angkla sa apat na sulok ng balsa. Ang ankla ay maaaring yari sa semento, bato o bakal na may bigat na hindi bababa sa 75 kilo.

